

## Pangangalaga Matapos ang Insidente na Mabulunan

---

Ang pangangalaga sa taong nabulunan ay hindi nagwawakas matapos ang insidente. Ang fact sheet na ito ay pwedeng gamitin sa pagsasanay o pagpamahagi sa direct support professionals (DSPs) para ituro ang pangunahing pangangalaga para sa mga indibidwal sa panahon at matapos ang insidente ng pagkabulon.

### Kapag Nabulunan ang isang Tao...

- Manatiling Kalmado
- Patawagin kaagad ang isang tao sa 911
- Isagawa ang pagdiin sa tiyan (Heimlich Maneuver)

### Kaagad Pagkatapos ng Insidente...

- Kahit na matagumpay ang pagdiin sa tiyan, kaagad na tawagan ang doktor ng tao/kinauukulan
- Kahit na walang harang sa daan ng hangin ng indibidwal, maaaring nasugatan ito sa mga paraan na ang doktor lamang ang makakatuklas

### Follow Up na Pangangalaga...

- Sa bandang huli ang pagkabulon ay magdudulot ng aspiration pneumonia (mula sa bakteryang natitira sa loob ng baga ng tao)
- Kung ang isang tao ay nagkaroon ng insidente na mabulunan, nasa panganib sila na mabulunan muli
- Mag-ingat nang mabuti sa panahon ng pagkain at siguruhin na alam ng doktor at kawani sa pangangalaga ang anumang insidente ng pagkabulon